

Ano ang mga fact

Ginagawang mas madali ng Virginia para sa mga user ng iPhone na abisuhan ang ibang mga tao na maaaring na-expose sila sa COVID-19.

Inilunsad kamakailan ng Departamento ng Kalusugan ng Virginia ang **COVIDWISE Express**, isang bagong teknolohiyang hindi nangangailangan ng app para sa mga user ng iPhone sa Virginia, na nagbibigay ng kakayahan sa mga user na i-activate ang mga notification sa exposure nang hindi nagda-download ng app.

Ano ang COVIDWISE Express?



Ang **COVIDWISE Express** ay isang app-less na solusyon sa Mga Notification sa Exposure na maaaring i-enable sa operating system ng iOS sa karamihan ng mga iPhone at available sa parehong English at Spanish. Gumagana ito kasabay ng **COVIDWISE** at iba pang app sa Mga Notification sa Exposure para makipagpalitan ng mga anonymous na token habang ibinibigay ang pagkapribado at seguridad na gaya sa bersyon ng app.



Paano ko ie-enable ang COVIDWISE Express?



Para i-enable ang **COVIDWISE Express**, hindi mo kailangang mag-download ng app pero dapat ay mayroon ka ng isa sa mga sumusunod na bersyon ng iOS:

- **iPhone 6s o mas bago: iOS 13.7 o mas bago**
- **iPhone 5s, 6, o 6 Plus: iOS 12.5**

Sa ilalim ng Mga Setting sa iyong iPhone, pumunta sa Mga Notification sa Exposure, pagkatapos ay I-on ang Mga Notification sa Exposure. Piliin ang United States at piliin ang Virginia bilang iyong rehiyon. Pagkatapos ay kumpletuhin ang proseso ng onboarding na gaya ng tagubilin.

Kailangan ng higit pang impormasyon?

Para sa sunod-sunod na gabay para i-set up ang COVIDWISE Express at higit pang kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa Mga Notification sa Exposure at COVID-19, bisitahin ang [COVIDWISE.ORG](https://www.covidwise.org).

Ano ang mga fact



Paano kung na-download ko na ang COVIDWISE app?

Kung na-install mo na ang COVIDWISE, hindi mo kailangang i-enable ang COVIDWISE Express.

Bakit mahalaga ang COVIDWISE at COVIDWISE Express?



COVIDWISE at **COVIDWISE Express** Aabisuhan kita kung malamang na na-expose ka sa ibang user ng app na nagbahagi ng positibong resulta ng test para sa COVID-19. Kapag alam mo ang history ng iyong exposure, nagbibigay-daan iyon sa iyo na epektibong makapag-self quarantine, makahingi ng napapanahong medikal na atensyon, at mabawasan ang potensyal na panganib sa exposure sa iyong pamilya, mga kaibigan, kapitbahay, at kasamahan. Kung mas maraming Virginian ang gagamit ng **COVIDWISE** at **COVIDWISE Express**, mas malaki ang posibilidad na makatanggap ka ng mga napapanahong notification sa exposure na magresulta sa epektibong pag-iwas sa sakit.

Pinoprotektahan ba ang aking pagkapribado?



OO! Lubos na sineseryoso ng VDH ang pagkapribado. Ang bawat user ang magpapasya kung mag-o-opt in o hindi sa pagtanggap ng Mga Notification sa Exposure, at kung na-diagnose ang isang tao na may COVID-19, depende sa kanya kung ibabahagi niya o hindi ang resulta niya sa pamamagitan ng **COVIDWISE Express**. Hindi kailanman mangongolekta, magso-store, o magpapadala sa VDH ng data ng lokasyon o personal na impormasyon. Maaari mong i-delete ang app o i-off ang Mga Notification sa Exposure sa anumang oras.

Paano gumagana ang COVIDWISE Express?



Gumagana ang COVIDWISE Express sa pamamagitan ng paggamit ng mga random na token sa Bluetooth na nagbabago kada 10-20 minuto. Anonymous na ibabahagi ng mga iPhone na may naka-enable na **COVIDWISE Express** ang mga random na token na ito kung magkalapit ang mga ito. Ang mga positibong resulta sa COVID-19 na isinumite ng ibang mga user ay sinusuri batay sa listahan ng mga random na token na natanggap nito sa huling 14 na araw. Kung mayroong tugma, maaaring abisuhan ng **COVIDWISE Express** ang indibidwal, nang isinasaalang-alang ang petsa at tagal ng exposure, at ang lakas ng signal ng Bluetooth na ginagamit para matantya ang pagiging malapit.